

<b>Stanford Health Care Tri-Valley</b> Patakaran sa Buong Ospital	<b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b> Disyembre 2023
<b>Pangalan ng Patakaran:</b> Pangongolekta ng Utang	<b>Seksyon at Numero ng Patakaran:</b> Pananalapi 40
<b>Mga Apektadong Departmento:</b> Lahat ng Departamento	Pahina 1 ng 5

## **I. LAYUNIN:**

- A. Ang layunin ng Patakaran sa Pangongolekta ng Utang na ito ay sumunod sa at magbigay ng impormasyon kaugnay ng pagsingil at pagkolekta ng utang ng pasyente, alinsunod sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California (California Health and Safety Code), Pederal na Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga (Federal Patient Protection and Affordable Care Act), at mga patakaran at kagawian ng Stanford Health Care Tri-Valley (Stanford Health Care Tri-Valley).

## **II. PATAKARAN:**

- A. Sa interes ng pagsusulong ng pinansyal na katatagan at pagtitipid ng mga mapagkukunan para sa pangangalaga sa pasyente, magbibigay ang patakarang ito ng malinaw at pare-parehong proseso para sa pagsasagawa ng paniningil at pangongolekta sa Stanford Health Care Tri-Valley sa paraang tumitiyak na makokolekta ang mga utang ng mga Tagagarantiya para sa mga serbisyong medikal na ibinibigay ng Stanford Health Care Tri-Valley sa paraang nagsusulong ng kasiyahan ng pasyente, mabisa, at pagsunod nang naayon sa mga legal at panregulatoryong kinakailangan.

## **III. MGA KAHULUGAN:**

- A. Hindi Pangkaraniwang Pagkilos sa Pangongolekta (Extraordinary Collection Action, ECA): Sa ilalim ng Kodigo ng Rentas Internas 501(r), ang isang Hindi Pangkaraniwang Pagkilos sa Pangongolekta ay isang pagkilos na maaaring isagawa ng ospital laban sa Tagagarantiya para makuha ang bayad para sa singil para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa indibidwal at sinasaklaw ng Patakaran sa Kawanggawang Pangangalaga para sa Tulong Pinansyal ng Stanford Health Care Tri-Valley. Sa mas partikular, ang bawat isa sa mga sumusunod ay ECA:
1. Pagbebenta ng utang ng indibidwal sa ikatlong partido
  2. Pag-uulat ng hindi magandang impormasyon tungkol sa indibidwal sa isang ahensya ng pag-uulat ng kredito ng konsyumer o kawanihan ng kredito
  3. Pagpapaliban o pagtanggì ng medikal na kinakailangang pangangalaga dahil sa hindi pagbabayad ng indibidwal ng singil para sa dating ibinigay na pangangalagang kwalipikado para sa pagsaklaw sa ilalim ng Patakaran sa Kawanggawang Pangangalaga para sa Tulong Pinansyal ng Stanford Health Care Tri-Valley
  4. Panghihingi ng bayad bago magbigay ng medikal na kinakailangang pangangalaga dahil sa mga hindi pa nababayarang singil para sa dating ibinigay na pangangalagang kwalipikado para sa pagsaklaw sa ilalim ng Patakaran sa Kawanggawang Pangangalaga para sa Tulong Pinansyal ng Stanford Health Care Tri-Valley
  5. Paglalagay ng legal na karapatan sa ari-arian ng indibidwal
  6. Pagreremata sa pag-aaring lupain ng isang indibidwal
  7. Paglilipat o pagkukumpiska ng bank account o iba pang personal na ari-arian ng indibidwal
  8. Pagdudulot ng pag-aresto sa indibidwal
  9. Pagsasampa ng kaso laban sa indibidwal o pagkuha ng kautusan ng hukuman na bawiin ang ari-arian at
  10. Pagkuha sa mga sahod ng indibidwal
- B. Tulong Pinansyal: Tulong na ibinibigay sa mga pasyente kung kanino magiging kahirapang pinansyal ang pagbabayad nang buo sa inaasahang out-of-pocket na mga gastusin para sa Mga Serbisyong Medikal na Kinakailangan (tulad ng inilalarawan sa Patakaran sa Kawanggawang Pangangalaga para sa Tulong Pinansyal) na ibinibigay ng Stanford Health Care Tri-Valley at nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado para sa nasabing tulong, tulad ng nakasaad sa Patakaran sa Kawanggawang Pangangalaga para sa Tulong Pinansyal.

<b>Stanford Health Care Tri-Valley</b> Patakaran sa Buong Ospital	<b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b> Disyembre 2023
<b>Pangalan ng Patakaran:</b> Pangongolekta ng Utang	<b>Seksyon at Numero ng Patakaran:</b> Pananalapi 40
<b>Mga Apektadong Departmento:</b> Lahat ng Departamento	Pahina 2 ng 5



- C. Tagagarantiya: Para sa mga layunin ng patakarang ito, ang indibidwal na may pinansyal na pananagutan sa pagbabayad ng balanse sa account. Maaaring pasyente ang tagagarantiya o hindi.

#### IV. **MGA PROBISSYON:**

- A. Ipagpapatuloy ng Stanford Health Care Tri-Valley ang pagbabayad sa mga inutang para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinigay ng Stanford Health Care Tri-Valley, kabilang ang pagtatakda sa mga hindi nabayarang halaga bilang hindi nabayarang utang at pagtatalaga sa mga naturang halaga sa pagkolekta, alinsunod sa patakaran at mga hakbang ng Stanford Health Care Tri-Valley na ibinubuod sa patakarang ito. Isasagawa ang mga pagkolekta sa pagpapasya ng Stanford Health Care Tri-Valley alinsunod sa patakarang ito at susunod ito sa mga nauugnay na pang-estado at pederal na batas at regulasyon tungkol sa pagkolekta ng hindi nabayarang utang.
- B. Kasalukuyang hindi nakikibahagi ang Stanford Health Care Tri-Valley sa anumang ECA tulad ng tinukoy sa seksyon ng Kahulugan.
- C. Ang lahat ng balanse sa account ng pasyente na nakakatugon sa isa o higit pa sa mga sumusunod na pamantayan ay kwalipikado para sa pagsasailaim sa ahensya ng pagkolekta:
1. Lubos na nagsisikap ang Stanford Health Care Tri-Valley na ipaalam sa mga pasyente ang kanilang mga pinansyal na pananagutan at available na opsyon sa tulong pinansyal at sinusubukan nitong kolektahin ang bayad gamit ang mga makatuwirang pagsisikap sa pagkolekta gamit ang mga pahayag ng pagsingil, nakasulat na komunikasyon, at mga tawag sa telepono.
  2. Nagsagawa ang Stanford Health Care Tri-Valley ng mga makatuwirang pagsisikap na tukuyin ang pagiging kwalipikado ng pasyente para sa tulong pinansyal sa ilalim ng Patakaran sa Kawanggawang Pangangalaga para sa Tulong Pinansyal ng Stanford Health Care Tri-Valley.
  3. Nagsagawa ang Stanford Health Care Tri-Valley ng mga makatuwirang pagsisikap na magpadala sa mail o elektronikong paraan nang hindi bababa sa apat (4) na
  4. Pahayag ng Tagagarantiya pagkatapos ng petsa ng pag-discharge mula sa outpatient o inpatient na pangangalaga, na may huling 10 araw na abiso na nakasaad sa ikaapat na pahayag ng Tagagarantiya, na nagpapahayag na ang account ay maaaring ipasa sa ahensya ng pagkolekta. Kabilang sa lahat ng pahayag ng pagsingil ang abiso tungkol sa Patakaran sa Kawanggawang Pangangalaga para sa Tulong Pinansyal ng Stanford Health Care Tri-Valley.
  5. Ang account na may katayuan na “Sinagot na Mail” ay kwalipikado para sa pagtatalaga ng pagkolekta pagkatapos maisagawa ang lahat ng pagsisikap para matukoy ang tamang address na naidokumento at nagamit.
- D. Bago simulan ang mga aktibidad sa pagkolekta laban sa pasyente, ibibigay ng Stanford Health Care Tri-Valley o anumang ahensya ng pagkolekta sa pasyente o Tagagarantiya ang sumusunod na nakasulat na abiso:
1. Iniaatas ng pang-estado at pederal na batas na tratuhin ka ng mga nangongolekta ng utang nang patas at pinagbabawalan nito ang mga nangongolekta ng utang na gumawa ng mga maling pahayag o banta ng karahasan, gumamit ng malaswa o bastos na wika, at gumawa ng mga hindi naaangkop na komunikasyon sa mga ikatlong partido, kasama ang iyong employer. Maliban sa mga hindi

<b>Stanford Health Care Tri-Valley</b> Patakaran sa Buong Ospital	<b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b> Disyembre 2023
<b>Pangalan ng Patakaran:</b> Pangongolekta ng Utang	<b>Seksyon at Numero ng Patakaran:</b> Pananalapi 40
<b>Mga Apektadong Departamento:</b> Lahat ng Departamento	Pahina 3 ng 5



pangkaraniwang pangyayari, hindi maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang mga nangongolekta ng utang bago ang 8:00 a.m. o pagkalipas ng 9:00 p.m. Sa pangkalahatan, hindi maaaring magbigay ang nangongolekta ng utang ng impormasyon tungkol sa iyong utang sa isa pang tao, bukod sa iyong abogado o asawa. Maaaring makipag-ugnayan ang nangongolekta ng utang sa ibang tao para kumpirmahin ang iyong lokasyon o para magpatupad ng pagpapasya. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga aktibidad sa pagkolekta ng utang, maaari kang makipag-ugnayan sa Pederal na Komisyon sa Kalakalan sa pamamagitan ng telepono sa 1-877-FTC-HELP (382-4357) o online sa [www.ftc.gov](http://www.ftc.gov). Maaaring available sa iyong lugar ang nonprofit na mga serbisyo sa pagpapayo sa kredito

- E. Kung ang pasyente ay kasalukuyang may mga account na may hindi pa nababayaran balanse sa utang, may nakalaan na karapatan ang Stanford Health Care Tri-Valley na magpadala sa iba pang bukas na account ng mga balanse ng pasyente para sa mga naunang pagkolekta.
- F. Sususpindihin ng Stanford Health Care Tri-Valley ang anuman at lahat ng pagkilos sa pagkolekta kung natanggap na ang nakompletong Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal, kabilang ang lahat ng kinakailangang sumusuportang dokumentasyon.
- G. Kung matutukoy ng Stanford Health Care Tri-Valley na kwalipikado ang pasyente para sa tulong sa ilalim ng Patakaran sa Kawanggawang Pangangalaga para sa Tulong Pinansyal, at nagbayad ang Tagagarantiya sa Stanford Health Care Tri-Valley nang higit sa halaga na dapat singilin sa kwalipikadong pasyente, ire-refund dapat ng Stanford Health Care Tri-Valley ang halagang ibinayad sa Stanford Health Care Tri-Valley na sobra sa nararapat na halaga kabilang ang interes sa rate na nakasaad sa Seksyon 685.010 ng Kodigo ng Pamamaraang Sibil mula sa petsa na natanggap ng Stanford Health Care Tri-Valley ang sobrang bayad. Sa kabila ng mga nabanggit, kung \$5.00 o mas mababa ang halaga ng sobrang ibinayad ng Tagagarantiya, hindi ire-refund ng Stanford Health Care Tri-Valley ang sobrang ibinayad o hindi nito babayaran ang interes, bagkus ay bibigyan nito ang kwalipikadong pasyente ng kredito sa ospital sa halaga ng sobrang ibinayad sa loob ng 60 araw mula sa petsa kung kailan nakatakda mabayaran ang halaga.
- H. Gaya ng nakasaad sa Patakaran sa Kawanggawang Pangangalaga sa Tulong Pinansyal ng Stanford Health Care Tri-Valley, maaaring maging kwalipikado ang isang pasyente para sa pinahabang plano sa pagbabayad na walang interes para sa anumang out-of-pocket na bayarin ng pasyente. Isasaalang-alang ng plano sa pagbabayad ang kita ng pasyente at ang utang na halaga. Maaaring ideklarang hindi na nalalapat ang pinahabang plano sa pagbabayad pagkatapos ng pagkabigo ng pasyente o Tagagarantiya na gawin ang lahat ng magkakasunod-sunod na pagbabayad na dapat bayaran sa loob ng 90 araw na panahon. Bago ideklarang hindi na nalalapat ang pinahabang plano sa pagbabayad ng ospital, gagawa ang Stanford Health Care Tri-Valley o sa kanyang ahensya ng pagkolekta ng makatuwirang pagsubok na makipag-ugnayan sa pasyente o Tagagarantiya sa pamamagitan ng pagtawag at magbibigay ito ng nakasulat na abiso na maaaring maging hindi na nalalapat ang pinahabang plano sa pagbabayad, at tungkol sa pagkakataong muling makipagkasundo sa pinahabang plano sa pagbabayad. Bago ang pagdedeklara ng hindi pagiging nalalapat ng pinahabang plano sa pagbabayad, susubukan ng Stanford Health Care Tri-Valley o ahensya ng pagkolekta na muling makipagkasundo sa mga tuntunin ng na-default na pinahabang plano sa pagbabayad, kung hihilingin ng pasyente o Tagagarantiya. Para sa mga layunin nitong Seksyon H, maaaring ipadala ang abiso at gawin ang pagtawag sa telepono sa pasyente o Tagagarantiya sa huling napag-alamang numero ng telepono at address niya.
- I. Kung hindi sasang-ayon ang Tagagarantiya sa balanse sa account o kung humihiling ito ng tulong pinansyal, maaaring hilingin ng Tagagarantiya na siyasin at beripikahin ang balanse sa account bago italaga ang account sa ahensya ng pagkolekta sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa aming

<b>Stanford Health Care Tri-Valley</b> Patakaran sa Buong Ospital	<b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b> Disyembre 2023
<b>Pangalan ng Patakaran:</b> Pangongolekta ng Utang	<b>Seksyon at Numero ng Patakaran:</b> Pananalapi 40
<b>Mga Apektadong Departamento:</b> Lahat ng Departamento	Pahina 4 ng 5



departamento ng Pagsingil ng Serbisyo sa Customer o pagpapadala ng mensahe ng pagsingil sa pamamagitan ng kanilang MyHealth account.

- J. Ang mga account sa ahensya ng pagkolekta ay maaaring mabawi at maibalik sa Stanford Health Care Tri-Valley sa pagpapasya ng Stanford Health Care Tri-Valley at/o alinsunod sa mga batas at regulasyon ng estado o pederal na pamahalaan. Maaaring piliin ng Stanford Health Care Tri-Valley na asikasuhin ang paglutas ng mga account kasama ng Tagagarantiya o ikatlong partido kung kinakailangan, o ipasa ang mga account sa ibang ahensya ng pagkolekta
- K. Hindi maaaring gamitin para sa mga aktibidad ng pagkolekta ang dokumentasyon ng kita o mga ari-arian na nakuha mula sa pasyente o Tagagarantiya sa panahon ng proseso ng pagtukoy sa kanyang pagiging kwalipikado para sa Tulong Pinansyal; maliban kung, gayunpaman, hindi nito ipinagbabawal ang paggamit ng impormasyong nakuha ng Stanford Health Care Tri-Valley o alinman sa mga ahente o ahensya ng pagkolekta nito nang hiwalay sa proseso ng pagiging kwalipikado para sa Tulong Pinansyal.

#### V. **PAGSUNOD:**

- A. Responsibilidad ng lahat ng manggagawa kabilang ang mga empleyado, nakakontratang tauhan, mag-aaral, boluntaryo, may kredensyal na medikal na tauhan, at indibidwal na kumakatawan sa o bahagi ng kasanayan sa Stanford Health Care Tri-Valley na tiyaking sumusunod ang mga indibidwal sa patakarang ito.
- B. Iuulat ang mga paglabag sa patakarang ito sa Manager ng Departamento at sa alinmang iba pang naaangkop na Departamento na tutukuyin ng Manager ng Departamento o alinsunod sa patakaran ng Stanford Health Care Tri-Valley. Iuulat ng Tagapamahala ng Departamento ang mga paglabag sa Departamento ng Pagsunod at iimbestigahan ang mga ito para matukoy ang katangian, sakop, at potensyal na panganib sa Stanford Health Care Tri-Valley. Mapapasailalim ang mga manggagawang lalabag sa patakarang ito sa naaangkop na aksyong pandisiplina hanggang sa at kabilang ang pagkakatanggal.

#### VI. **MGA KAUGNAY NA DOKUMENTO / HAKBANG:**

- A. Patakaran sa Tulong Pinansyal

#### VII. **APPENDIX:**

- A. Appendix: Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

#### VIII. **IMPORMASYON NG DOKUMENTO:**

- A. Mga Legal na Sanggunian / Kinakailangan sa Pangangasiwa:
  1. California Health and Safety Code 127400-127462 gaya ng naaangkop.
  2. Pederal na Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga (Federal Patient Protection and Affordable Care Act), Seksyon 501(r) ng Kodigo ng Rentas Internas (Internal Revenue Code) at mga regulasyon sa ilalim nito.
- B. May-ari ng Patakaran/Petsa ng Kasaysayan:
  1. 01/2020 Kristine Grajo, Director, Self-Pay Management Office
- C. Mga Kinakailangan sa Pamamahagi at Pagsasanay:
  2. Itinalaga ang patakarang ito sa Mga Patakaran sa Buong Ospital ng Stanford Health Care Tri-Valley.
  3. Ipapamahagi ang mga bago at nirebisang dokumento sa lahat ng naapektuhang empleyado at ipapaskil ang mga ito ng lahat ng miyembro ng kawani kung saan maa-access ang mga ito.

<b>Stanford Health Care Tri-Valley</b> Patakaran sa Buong Ospital	<b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b> Disyembre 2023
<b>Pangalan ng Patakaran:</b> Pangongolekta ng Utang	<b>Seksyon at Numero ng Patakaran:</b> Pananalapi 40
<b>Mga Apektadong Departamento:</b> Lahat ng Departamento	Pahina 5 ng 5



D. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pag-renew:

1. Susuriin at/o babaguhin ang patakaranang ito bawat tatlong taon o gaya ng kinakailangan ng pagbabago ng batas o kagawian.

E. Kasaysayan ng Pagsusuri at Pagbabago:

1. Abril 2020, Andrea M. Fish, Office of General Counsel, Kristine Grajo, Director Self-Pay Management Office
2. Disyembre 2023, Office of the General Counsel

F. Mga Pag-apruba:

1. 04/2020 Andrea M. Fish, Office of General Counsel
2. 04/2020 Kristine Grajo, Director Self-Pay Management
3. 08/2020 Policy Steering Committee
4. 12/2023 Sarah DiBoise, Office of the General Counsel
5. 12/2023, Stanford Health Care Tri-Valley Board of Directors

*“Inilaan ang dokumentong ito para sa paggamit ng mga tauhan ng Stanford Health Care Tri-Valley. Walang ginawang representasyon o warranty para sa paggamit sa labas ng kompanya. Hindi maaaring gawan ng kopya o ilathala sa labas ng kompanya nang walang pahintulot.” V05.17.*

<b>Stanford Health Care Tri-Valley</b> Patakaran sa Buong Ospital	<b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b> Disyembre 2023
<b>Pangalan ng Patakaran:</b> Pangongolekta ng Utang	<b>Seksyon at Numero ng Patakaran:</b> Pananalapi 40
<b>Mga Apektadong Departamento:</b> Lahat ng Departamento	Pahina 6 ng 5



### **Appendix A: Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

Departamento ng Pagsingil ng Serbisyo sa Customer sa (800) 549-3720 o online sa:  
[www.stanfordhealthcare.org/financialassistance](http://www.stanfordhealthcare.org/financialassistance).